



Pagluray sa Ari ng Babae (Female Genital Mutilation)/Paghiwa

Ano ang Pagluray/Paghiwa sa Ari ng Babae?

Ang Pagluray/Paghiwa sa Ari ng Babae ay ang sinadyang paghiwa o pagbabago ng ari ng babae nang walang medikal na mga dahilan. Marami itong mga pangalan, kabilang ang pagputol, pagtuli ng babae at pang-ritwal na operasyon sa babae. Ito ay mapanganib sa kalusugan ng kababaihan at hindi kinakailangan.

Kung ikaw o isang kakilala mo ay nasa panganib, tawagan ang pulisya sa **000**.

Ang pulisya sa Australya ay ligtas at mapagkakatiwalaan.

Para sa libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon, tawagan ang 1800RESPECT sa

1800 737 732.

Kung kailangan mo ng libreng interpreter, tumawag sa **131 450**.

May tulong sa paggamot at suporta na makukuha sa Australya.

Kung naapektuhan ka ng isa sa mga operasyong ganito, maaari mong ma-access ang libreng pangangalaga sa kalusugan at suporta sa Australya. Ang mga doktor, nars, iba pang mga medikal na propesyonal at guro ay makakatulong sa iyo.

Kung ikaw ay nagpaplanong magkaroon ng anak, baka gusto mong kausapin ang isang doktor, nars o iba pang propesyonal sa paggamot upang magkaroon ng dagdag na suporta kapag ikaw ay nagbubuntis at kapag nakapanganak ka na.

Ang Pagluray/Paghiwa sa Ari ng Babae ay isang mabigat na krimen sa Australya.

Ang Pagluray/Paghiwa sa Ari ng Babae ay labag sa batas ng Australya. Kabilang dito ang pagpapadala ng isang tao sa ibang bansa upang sumailalim sa operasyon, o pag-aasikaso, pagsuporta o paghikayat sa isang tao na sumailalim dito.

Ang taong nagsasagawa ng ganitong mga krimen ay maaaring mabilanggo, lalaki man siya o babae.

Kung naapektuhan ka ng isa sa mga operasyong ganito, ikaw ay hinihikayat na humingi ng tulong at hindi ka paparusan sa ilalim ng batas sa Australya.

May iba pang mga serbisyo at mga sanggunian na makakatulong.

Maaari mong mabasa ang impormasyon sa Pagluray/Paghiwa sa Ari ng Babae sa **website ng National Education Toolkit for Female Genital Mutilation/Cutting Awareness (Pambansang Pang-edukasyong Toolkit para sa Kabatiran sa Pagluray/Paghiwa sa Ari ng Babae)** sa www.netfa.com.au.

Ang **1800RESPECT** ay pambansang serbisyo sa pagpapayo sa sekswal na pag-atake, karahasan sa tahanan at pamilya sa Australya (Australia's national sexual assault, family and domestic violence counselling service). Nagbibigay ito ng libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon sa telepono at sa online. Pakikinggan ka ng mga tagapayo, sasagutin ang mga katanungan mo at maaaring isangguni ka sa iba pang mga serbisyong suporta sa inyong lugar.

Tawagan ang **1800 737 732** o puntahan ang **website** ng **1800RESPECT** sa **www.1800RESPECT.org.au**.

Kailangan mo ba ng interpreter?

Tawagan ang **Translating and Interpreting Service (Serbisyo sa Pagsasaling-wika at Pag-iinterpretar)** (TIS) sa **131 450**. Ang interpreter mula TIS ay tutulong sa iyong makipag-usap sa iba pang mga serbisyo, subalit ang TIS ay hindi nagbibigay ng pagpapayo. Lahat ng tawag ay walang bayad at kumpidensyal.